

2019-2020 MGA OPSIYON PARA SA PAGBIBIGAY NG PUWESTO (PLACEMENT PERIOD) SA MAYO

Educational Placement Center

(Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon)

555 Franklin Street, Room 100

San Francisco, CA 94102

PANAHOON NG PAGBIBIGAY NG PUWESTO (PLACEMENT PERIOD) SA MAYO

Nakabatay ang pagbibigay ng puwesto sa Mayo sa makukuhang mga puwesto matapos ang panahon ng pagpapalista o registration period na nakompleto noong Abril. Kung mas marami ang hininging mga puwesto kaysa sa makukuhang puwesto sa hiniling ninyong mga paaralan, ginamit ang proseso ng tie-breaker (serye ng mga preperensiya o pagbibigay ng higit na puntos). Tingnan ang Gabay sa Pagpapaenroll (Enrollment Guide) ng SFUSD para sa deskripsiyon ng proseso ng mga tie-breaker.

Kung nag-aaplay kayo sa unang pagkakataon sa Panahon ng Pagbibigay ng Puwesto sa Mayo, makatatanggap kayo ng alok ng puwesto. Kung wala nang espasyo sa alinman sa hiniling ninyong mga paaralan, aalukan ng puwesto ang inyong anak sa paaralan

Magparehistro at Kumpirmahin ang Inyong Puwesto

Kung hindi kayo makapagparehistro bago sumapit ang Mayo 31, o sa petsang ito, makakansela ang puwestong ito .

Magsisimula ang klase sa paaralan sa ika-19 ng Agosto. Babawiin ang puwesto ng mga estudyanteng hindi papasok sa unang tatlong araw ng paaralanschool . Kung nakapag-enroll na kayo pero wala kayong balak pumasok sa paaralan ninyo, paki-abisuhan ito o kontakin ang Sentro para sa Pagbibigay ng Puwesto sa mga Institusyong Pang-edukasyon (Educational Placement Center).

Pagkakansela sa puwesto o aplikasyon

Kung gusto ninyong kanselahin ang aplikasyon para sa pagpapa-enroll, ang aplikasyon para sa wait pool (mga naghihintay makapasok), o puwesto sa paaralan para sa bagong akademikong taon 2019-20, mangyaring magpadala ng email sa enrollinschool@sfusd.edu, at ilagay ang pangalan ng estudyante, petsa ng kapanganakan, numero ng ID ng estudyante, at ang kahilingan ninyong kanselahin ang aplikasyon o puwesto.

Huling araw ng pagpaparehistro: 5/31

Ika-1 araw ng pagpasok: 8/19

na pinakamalapit sa buhay, kung saan may bukas na puwesto, o mananatili sa kanya ang puwesto sa dating paaralan o programa. **Mayroon kayong hanggang Mayo 3 upang magparehistro sa bagong puwesto na ito sa pamamagitan ng pagpunta sa bagong paaralan nang dala-dala ang kopya ng sulat para sa pagbibigay-puwesto (assignment letter).**

Kung nakasali na kayo sa Panahon ng Pagbibigay ng Puwesto noong Marso, nakapagrehistro na sa paaralan noong Marso o Abril, sumali pa sa Panahon ng Pagbibigay ng Puwesto ngayong Mayo, at tumanggap na ng alok ng puwesto sa isa sa mga paaralang higit na pinipili ninyo, nakansela na ang dati ninyong puwesto noong Marso. **Mayroon kayong hanggang Mayo 31 upang magparehistro sa bagong puwesto na ito sa pamamagitan ng pagpunta sa bagong paaralan nang dala-dala ang kopya ng sulat para sa pagbibigay-puwesto (assignment letter).**

Kung hindi nakapag-alok sa inyo ang Distrito ng puwesto sa alinman sa mga pinili ninyong paaralan para sa Pagbibigay ng Puwesto sa Mayo, hindi na kayo makatatanggap ng iba pang alok ng puwesto. Kung nakaparehistro kayo sa nakatalagang paaralan mula sa Panahon ng Pagbibigay ng Puwesto noong Marso, mananatili sa inyo ang puwesto sa paaralan na iyon. Wala nang kinakailangan pang ibang aksiyon. Kung **hindi** kayo nagparehistro sa inaalok na paaralan noong Panahon ng Pagbibigay ng Puwesto noong Marso, nakansela na ang puwesto ng inyong anak at wala na siyang puwesto sa paaralan.

Ang Proseso ng Wait Pool (mga naghihintay makapasok)

Kung gusto ninyong magpatuloy sa paglahok sa proseso ng pagbibigay ng puwesto o kung gusto ninyong mag-aplay sa paaralan na higit ninyong pinipili, puwede kayong magsumite ng Form para sa Wait Pool para sa ISANG PAARALAN para sa Proseso ng Waiting Pool bago sumapit ang Mayo 31, 2019 o sa petsang ito. Makukuha ang form na ito sa EPC o sa website ng distrito sa www.sfusd.edu/enroll.

Mananatiling aktibo ang mga aplikasyong isinumite sa proseso ng Wait Pool para sa lahat ng panahon ng pagbibigay ng puwesto na isasagawa sa Hunyo, Agosto, at hanggang sa pagtatapos ng proseso ng pagpapa-enroll, na matatapos sa Agosto 30, 2019. Isasagawa ang proseso ng Wait Pool sa Hunyo hangang Agosto, bago ang pagsisimula ng paaralan, at magpapatuloy hanggang sa unang dalawang linggo ng klase habang nagkakaroon ng pagbubukas ng puwesto.

Pinal na ang anumang alok ng puwesto sa anumang paaralang may wait pool, at matatapos na ang proseso. Sa madaling salita, kapag nakatanggap kayo ng puwesto sa paaralang nakalista sa Form para sa Wait Pool, hindi na kayo puwedeng mag-aplay para sa anumang iba pang paaralan. **Kapag nakatanggap kayo ng puwesto sa Wait Pool, kakanselahin ang anumang dating puwesto sa paaralan.** Wala nang oportunidad na pumili sa pagitan ng dating paaralan at ng alok na puwesto sa Wait Pool.

Mananatiling aktibo ang kahilingan para sa Wait Pool sa lahat ng panahon ng pagbibigay ng puwesto. Para kanselahin ang kahilingang ito, paki-email ang EPC bago sumapit ang ayo 31, 2019 (ang unang panahon para sa mga wait pool), o sa Agosto 14, 2019 (huling panahon) sa enrollinschool@sfusd.edu.

Kapag may ibinigay nang alok para sa wait pool sa Agosto, wala nang pagkakataon na bumalik sa dating paaralan.

Ang Proseso ng Pag-aapela

Dapat maisumite ang mga apela para sa Proseso sa Waiting Pool bago sumapit ang Mayo 31st, 2019. Isasaalang-alang lamang ang Mga Pag-apela Batay sa Dahilang Medikal at Hirap ng Pamilya (Medical and Family Hardship Appeals) para sa mga kaso kung saan hindi ang mga pangangailangan ng estudyante ay hindi matutugunan sa nakatalagang paaralan. Ibinibigay ang pag-apruba sa mga apela sa **IISANG PAARALAN LAMANG** na nakatutugon sa mga pangangailangan ng estudyante, at hindi puwedeng gamitin para sa pagbibigay ng puwesto sa mahigit sa isang paaralan.

Kung nakapagsumite na kayo ng Pag-apela Batay sa Dahilang Medikal at Hirap ng Pamilya matapos ang Panahon ng Pagbibigay ng Puwesto sa Mayo, mangyaring huwag nang magsumite ng isa pang apela para sa Panahon para sa Waiting Pool MALIBAN NA LAMANG kung nagbago na ang inyong sitwasyon magmula noong unang pag-apela.

Nagtitiipon ang Komite para sa mga Apela (Appeals Committee) matapos ang mga panahon ng pagbibigay ng puwesto sa Marso at Mayo, at nagsasagawa ito ng pagrerepaso sa mga estudyanteng nagsumite ng apela batay man sa medikal na dahilan o hirap ng pamilya. Kapag naaprubahan ang apela, ipinadadala ito sa Educational Placement Center para sa muling pagtatalaga sa paaralan na makatutugon sa mga pangangailangan ng estudyante at kung saan may makukuhang espasyo. Kailangang isaalang-alang ang kapasidad ng paaralan kapag nagbibigay ng puwesto sa mga estudyanteng naaprubahan na ang apela.

Pinagbibigyan ang mga apela batay sa dokumentasyong ipinagkaloob sa Komite para sa mga Apela, na tinitipon lamang para sa layunin ng pagsasagawa ng pagrerepaso sa mga espesipikong panahon ng siklo ng pagpapa-enroll. Hindi makakausap ng mga pamilya ang mga miyembro nito tungkol sa kanilang apela. Puwedeng idirekta ang mga tanong o karagdang dokumento ukol sa mga apela sa mga kawani ng Educational Placement Center. Gayon pa man, hindi kasama ang EPC sa proseso ng pag-aapela, at wala rin silang awtoridad na baguhin ang mga desisyon ng Komite para sa mga Apela.

Puwedeng makuha ang mga form para sa pag-apela mula sa EPC o sa website

ng Distrito, at puwedeng isauli ito bago sumapit ang naaangkop na huling petsa ng pagsusumite, at nang marepaso.

Pakitingnan ang Gabay para sa Pag-ee-roll (Enrollment Guide) ng SFUSD para sa iba pang impormasyon tungkol sa proseso ng pag-aapela.

Pinal na ang mga desisyon ng Komite para sa Pag-apela Batay sa Mga Dahilang Medikal at Hirap ng Pamilya (Medical and Family Hardship Appeals Committee) at hindi na puwedeng isulong pa ang pag-aapela.

Panahon para sa Bukas na Pagpapa-enroll (Open Enrollment)

Magsisimula ang Panahon para sa Bukas na Pagpapa-enroll sa **Hunyo 26**. Sa panahong ito, agad na maitalaga ang sinumang estudyante sa paaralang may bukas na puwesto, at walang hindi pa nareresolbahang kahilingan para sa waiting pool. Puwede pa ring piliin ng estudyanteng tatanggap ng puwesto sa pamamagitan ng Bukas ng Pagpapa-enroll na magsumite ng kahilingan para sa wait pool basta't maisusumite ang kahilingan bago ang Agosto 14th na siyang pinakahuli nang petsa ng pagtanggap.

Mga Kinakailangan sa Paninirahan (Residency Requirements)

Kailangang matugunan ng mga pamilya ang mga gabay sa paninirahan ayon sa pagkakapaliwanag sa Gabay sa Pag-ee-roll ng SFUSD. Kapag lumipat ang magulang/tagapatnubay na may pisikal na kustodiya ng (mga) estudyante sa bagong address sa anumang panahon matapos maisumite ang aplikasyon para sa pagpapa-enroll, kailangan niyang magsumite ng form para sa Pagbabago ng Address (Change of Address) sa Educational Placement Center sa loob ng 14 araw matapos ang paglipat. Kapag nabigo ang magulang/tagapatnubay na magsumite ng form para sa Pagbabago ng Address sa loob ng 14 araw ng kanilang paglipat, posibleng mabawi ang pagkaka-enroll sa estudyante.

Ang mga estudyanteng lilipat palabas ng San Francisco ay kailangang mag-aplay para sa permit na distrito-sa-distrito (interdistrict permit) sa bagong distritong tinitirhan (district of residence) kung gusto nilang pumasok sa paaralan sa San Francisco. Iproproseso ang mga permit na distrito-sa-distrito nang naayon sa patakaran ng Distrito matapos ang pagtatalaga sa mga residente ng San Francisco. Ang mga estudyanteng makatatanggap ng puwesto sa paaralan batay sa espesipikong address, at pagkatapos nito ay lilipat mula sa address na iyon sa panahon ng siklo ng pagpapa-enroll ay posibleng makansela ang nakatalagang puwesto sa kanila.

Karagdang Impormasyon

Puwedeng makahanap ng pinakabagong impormasyon tungkol sa mga iniaalok na programa, pagbabago sa polisiya, transportasyon at iba pang impormasyon tungkol sa pagpapa-enroll sa www.sfusd.edu/enroll o pumunta sa Educational Placement Center upang makipagkita sa tagapayo ukol sa pagbibigay ng puwesto (placement counselor).

2019-20_may_options_letter_en